| Aralin 3 | الدرس الثالث |
|---|---|

## Ang Paggamit ng Palikuran

1. Bago pumasok sa palikuran ay magsabi ng ganito: ***bismi -lláh, alláhumma inní a'údhu bika mina -l-khubthi wa -lkhabá'ith***.[1]

   بِسْمِ اللهِ، اَللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الخُبْثِ وَالخَبَائث

   Unahin ang kaliwang paa sa pagpasok sa palikuran. Una-hin ang kanang paa sa paglabas sa palikuran. Pagkalabas ay sabihin ang ***ghufrának.***[2]
2. Huwag magdala sa loob ng palikuran ng anumang bagay na may nakasulat na pangalan ni Alláh maliban na lamang kung nangangambang mawawala kapag iniwan sa labas.
3. Huwag humarap o tumalikod sa Qiblah o dakong kinaro-roonan ng Ka'bah kapag iihi o dudumi sa disyerto o ilang.
4. Takpan ang 'Awrah (bahagi ng katawan na hindi dapat makita ng ibang tao maliban sa asawa) sa harap ng ibang tao at huwag magpabaya sa bagay na ito. Ang 'Awrah ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod at ang sa babae naman ay ang buong katawan niya, maliban sa mukha at kamay niya kapag nagsasagawa ng saláh.
5. Mag-ingat na madikitan ang katawan o ang kasuutan ng ihi o dumi.
6. Linisin ang sarili ng tubig matapos umihi o dumumi, o gumamit ng papel o bato o ibang tulad nito sa pag-aalis ng bakas ng ihi o dumi kung walang tubig. Kaliwang kamay ang gamitin sa paglilinis.
7. Kailangang panatilihin ang katahimikan sa loob ng pali-kuran. Maaaring magsalita kung kailangan na magbigay ng babala sa iba kung may panganib at iba pa.
8. Ang mga lugar na karaniwang ginagamit kagaya ng daan, tagpuang lugar o lugar na may lilim na madalas sinisilu-ngan ng madla ay hindi dapat dumihan o ihian.
9. Higit na mainam na huwag umihing nakatayo lalo na kung ang ihi ay baka tumalsik sa damit;
10. Kailangang hugasan ang kamay matapos gumamit ng pali-kuran. Kung walang sabon, maaaring linisin ang mga ka-may sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga ito sa lupa o sa buhangin.

---

[1] Sa ngalan ni Alláh. O Alláh, tunay na ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa masama at mga demonyo.
[2] Hinihingi ko [Alláh] ang kapatawaran Mo.